

# Ikaapat na Baitang
# ANG RITMO



## ALAMIN MO

*Sa pagtatapos mo ng modyul na ito, maasahang masasabi mo ang kahulugan ng ritmo at natutukoy ang ritmo sa mga komposisyon at dibuhong nakikita sa paligid.*



## PAG-ARALAN MO

Kumuha ng patpat at ipatong ito nang marahan sa lamesa habang bumibilang ng isa hanggang apat na paulit-ulit.


| 1 2 3 4 | 1 2 3 4 | 1 2 3 4 |
|---|---|---|

Gumuhit ng parisukat habang bumibilang ng isa hanggang apat at ulit-ulitin ito.


Lagyan ng malaking ekis ang loob ng bawat parisukat.

Ang nabuo mo ay isang simpleng disenyo na nagtataglay ng isang prinsipyo ng sining – Ang Ritmo.


Ang ritmo ay isa sa mga prinsipyo ng sining na nalilikha sa pamamagitan ng pag-uulit ng linya, kulay, tekstura, hugis o mga disenyo.




Ang ritmo ay maaaring :

a) 

paulit-ulit

b) 

sunud-sunod

c) 

salit-salit

d) 

radyal o parayos-rayos

Ito ay maaaring may mga linya at hugis na dugtong-dugtong na wari'y kumikilos.

Halimbawa :

O kaya ay binubuo naman ito ng mga linya at hugis na iniuulit ng magkakalayo.

Halimbawa :

Ang ritmo ay maaaring panggilid, panggitna, o pangkalahatan ang disenyo.

## PAGSANAYAN MO

Tukuyin ang mga bagay sa larawan na kakikitaan ng ritmo. Isulat ito sa iyong kwaderno





Country Side Scene in Oil ni Fernando Amorsolo


1. Ano ang masasabi mo sa larawan?
2. May nakikita ka bang ritmo sa larawan?
3. Paano mo masasabi na may ritmo sa larawan?


## GAWIN MO

Kumuha ng mga dahon sa paligid na magkakatulad ang hugis at kulay. Sundan ang mga sumusunod na disenyo at tukuyin kung anong uri ng ritmo ito.















## PAGTATAYA


Tukuyin ang uri ng ritmong taglay ng nasa larawan.


 ____________


 ____________


 ____________


 ____________


 ____________


 ____________

 ____________

 ____________

 ____________

 ____________



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.